


Edukasyon sa Pagpapakatao

Ikaapat na Markahan – Modyul 2:

**Ispiritwalidad: Nagdadala ng
Positibong Pananaw, Pag-asa, at
Pagmamahal sa Diyos at Kapwa**



Edukasyon sa Pagpapakatao – Ikaanim na Baitang
Alternative Delivery Mode

Ikaapat na Markahan – Modyul 2:

- **Ispiritwalidad: Nagdadala ng Positibong Pananaw, Pag-asa, at Pagmamahal sa Diyos at Kapwa**

Unang Edisyon, 2020

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul		
Mga Manunulat:	Baby Alleah S. Mercadco Jeanne M. Cabarles	Jhannalan A. Seville
Editor :	Ida Flor C. Ferraris	
Tagasuri:	Lani A. Palma Miriam Lima	Annamor M. Eleccion
Tagaguhit:	Anthony Cordilla	
Tagalapat:	Annamor M. Eleccion Armored T. Balibagoso	Llaine Grace B. Coronel Jose Karrlo G. Barro
Tagapamahala:	Ramir B. Uytico Elena P. Gonzaga Miriam Lima Regie B. Sama Annamor M. Eleccion	Pedro T. Escobarte Jr. Donald T. Genine Renato T. Ballesteros Ronie T. Tababa Lani A. Palma

Inilimbag sa Pilipinas ng Department of Education – Region VI

Office Address: Duran Street, Iloilo City

Contact: (033) 336-2816 (033) 509-7653

E-mail Address: region6@deped.gov.ph

Edukasyon sa Pagpapakatao

**Ikaapat na Markahan – Modyul 2:
Ispiritwalidad: Nagdadala ng
Positibong Pananaw, Pag-asa, at
Pagmamahal sa Diyos at Kapwa**

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Sa modyul na ito ating malalaman na ang pananampalataya ay nagdudulot ng pag-unlad ng pagkatao at nagbubunga ng positibong pananaw, pag-asa, at pagmamahal sa kapwa at Diyos. Ang pagiging positibo sa bawat sitwasyon sa buhay ay isang indikasyon lamang na may pananalig tayo sa Diyos. Kasabay ng pag-unlad ng ating pananalig ay ang pag-asang tumutubo sa ating puso na magiging madali ang kahit na mabigat na sitwasyon dahil sa naniniwalang may Diyos na nagpapalakas sa atin. Higit sa lahat, ang pananalig ang pinagmumulan ng pagmamahal sa kapwa at sa Diyos na sa atin ay lumikha.

Sa katapusan ng modyul na ito, inaasahang masagot mo ang tanong: Paano mo mapapatunayan na nagdadala ng pag-asa ang ispiritwalidad?

Sa modyul na ito, inaasahang maipamalas mo ang mga sumusunod na kaalaman, kakayahan at pang-unawa.

1. Napatutunayan na nagpapaunlad ng pagkatao ang ispiritwalidad.
 - a. Nagkakaroon ng positibong pananaw, pag-asa, at pagmamahal sa kapwa at Diyos



Subukin

Panuto: Isulat ang salitang **TAMA** kung ang pangungusap ay nagpapakita ng pagkakaroon ng positibong pananaw, pag-asa, at pagmamahal sa kapwa at Diyos at **MALI** kung hindi. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

- _____ 1. Ang pananalig sa Diyos ay nagbibigay ng pag-asa sa tao.
- _____ 2. Ang pagtulong sa kapwa ay sapat na kahit hindi ka magsimba.
- _____ 3. Kapag dumaranas ng problema, ang pagdarasal ay nakapagbibigay ng pag-asa.
- _____ 4. Ang pag-iwas sa paggawa ng kasalanan sa kapwa ay nagpapakita ng pagmamahal sa Diyos.
- _____ 5. Mahalaga na palagi tayong may positibong pananaw sa bawat problemang ating hinaharap.
- _____ 6. Sa lahat ng oras at anumang pagkakataon, dapat tumulong sa kapwa.
- _____ 7. Ang pananalig ay ang pagtitiwala sa Diyos kahit hindi siya nakikita nang *personal*.
- _____ 8. Sa bawat pagkakataon, dapat na unahin ang sarili.
- _____ 9. Ipagwalang-bahala ang damdamin ng iba.
- _____ 10. Pagbibigay ng lakas ng loob at pagdamay sa taong dumaranas ng isang mabigat na pagsubok.

Aralin

1

Ispiritwalidad: Nagdadala ng Positibong Pananaw, Pag-asa, at Pagmamahal sa Diyos at Kapwa

Ang pananalig ay ang pagtitiwala sa Diyos. Ang taong nanalig sa Diyos ay nagkakaroon ng positibong pananaw, pag-asa, at pagmamahal sa kapwa. Nagiging madali ang pagbibigay ng pang-unawa at pagmamahal sa kapwa kung may pananalig tayo sa Diyos.

Anuman ang antas ng pananalig natin sa Diyos, mahalaga na makapagbigay tayo ng pag-asa sa ibang tao at maramdaman na ang pananalig sa Diyos ay ang nagdadala ng positibong pananaw, pag-asa at pagmamahal sa kapwa.

Halina't buksan ang kaisipan kung paano magkaroon ng positibong pananaw, pag-asa at pagmamahal sa Diyos at kapwa.



Balikan

Panuto: Unawain ang bawat sitwasyon. Isulat ang **TAMA** kung ito ay nagpapakita ng patunay na nagpaunlad ng pagkatao ang ispiritwalidad at **MALI** naman kung wala. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

- _____ 1. Pumunta si Marlon sa pook dalanginan upang manalangin nang taimtim kahit siya ay pilit na inaanyayahan ng mga kaibigan niyang pumunta sa party.
- _____ 2. Pakikilahok sa mga panrelihiyong pagdiriwang tulad ng “*World Youth Day*”.
- _____ 3. Itinago ni Luisa ang sobrang sukli na ibinigay ng tindera sa kanya noong bumili siya ng tinapay at juice.
- _____ 4. Pakikinig nang mabuti at pagtanggap sa iba’t ibang paniniwala ng iyong mga kaibigan mula sa iba’t ibang relihiyon.
- _____ 5. Dinalaw mo ang iyong kaklase na may sakit at dinalhan ng makakain gaya ng pagkain at mga prutas.



Tuklasin

Panuto: Basahin ang parabula. Suriin kung paano ipinakita ng tauhan ang pagmamahal sa kanyang kapwa. Pagkatapos, sagutin ang mga tanong at isulat ang sagot sa sagutang papel.

Ang Mabuting Hangarin

Orihinal na sinulat ni Pilsen Kate Advincula

Malakas ang buhos ng ulan, nag-aagaw ang kulog at kidlat. Pagod at walang pahinga ang isang matandang lalaki na si Mang Kanor. Mahirap isipin na sa kanyang edad at sitwasyon ay nagtitinda pa ito ng halamang-ugat sa baryo upang matugunan ang kumakalam nitong sikmura. Matagal na itong namumuhay ng mag-isa sa loob ng apat na taon.

Tinatahak nito ang daan pauwi tungo sa kanyang kubo sa paanan ng bundok nang ito ay mitumba dahil sa gutom dala ang karampot na pera. Nakahandusay siyang Nakita sa gitna ng kalsada ng dalawang guro habang papuntang paaralan na nasa bundok. Tumigil sila at pinagtulungang buhatin ito sa gilid ng kalsada. Sa kanilang pagmamalasakit, bumalik ang isa sa kanila sa pinakamalapit na tindahan at bumili ng tinapay at tubig kahil alam nilang halos kulang ang kanilang dalang panggastos para sa isang linggo.

Nang makabili dali-daling bumalik ang isang guro habang ang isa naman ay umaalalay kay Mang Kanor. Pinakain nila ito at sinamahan hanggang sa bumuti ang pakiramdam. Mababakas sa mukha ng matanda ang pasasalamat sa kanila. Inalam ng dalawang guro ang pangalan nito at tinulungan sa pamamagitan ng pag-post ng kanyang litrato sa *facebook*. Si Mang Kanor pala ay limang taon nang hinahanap ng kanyang mga kamag-anak. Muling nakapiling ng kanyang mga anak si Mang Kanor dahil sa mabuting intension ng mga gurong may mabubuting puso.

Mga Tanong:

1. Paano ipinakita ng mga tauhan ang pagmamahal sa kanyang kapwa?

2. Naging madali ba ang pagtulong ng mga guro kay Mang Kanor?
Ipaliwanag.

3. Ano ang naging bunga ng pagtulong ng mga guro kay Mang Kanor?

4. Kaya mo rin bang mahalín ang iyong kapwa katulad ng ginawa ng mga guro sa matanda? Paano?

**Suriin**

Ang pananalig at pag-asa ang nagtuturo sa atin na magtiwala sa Diyos kahit na hindi natin siya nakakasalamuha nang *personal*. Kapag pinauunlad natin ang ating relasyon sa Diyos sa pamamagitan ng pananalig sa Kanya, tayo ay lumilikha ng kabutihan at sumusunod sa kabanalan. Ito rin ay nagbubunga ng pagkakaroon ng positibong pananaw, pag-asa, at pagmamahal sa kapwa at Diyos.

Narito ang mga indikasyon ng may maunlad na ispiritwalidad ang ating pagkatao:

✓ Pagkakaroon ng Positibong Pananaw

Ang isang taong may positibong pananaw ay umaasa na ang lahat ng mga bagay at pangyayari ay magiging maayos at mabuti. Ito ay bunga ng pagkakaroon niya ng pananampalataya at tiwala sa Diyos na Siyang aagapay sa kanya. Dahil dito, nagkakaroon ng pag-asa ang isang indibidwal na kakayanin niya ang anumang hamon at gawain.

✓ Pagkakaroon ng Pag-asa

Ang pagkakaroon ng pag-asa ay bunga ng ating pananalig sa Diyos. Ang Diyos ang ating nagiging sandigan sa bawat pangyayari sa ating buhay, lalo na sa mga panahon na sinusubok ang ating kakayahan at pagtitiwala sa Kanya. Ito rin ay nagbibigay ng lakas sa atin upang harapin ang kinabukasan nang may pananalig sa Diyos. Sa gayon, may positibong pananaw tayo sa bawat sitwasyon o bagay na dumarating sa atin dahil naniniwala tayo na may Diyos na nakaagapay o tutulong sa atin.

✓ Pagmamahal sa Diyos at Kapwa

Ang pagkakaroon ng pananampalataya at pagtitiwala sa Diyos ay nagbubunga sa isang indibidwal ng kanyang nais na mahalin ang ating kapwa. Ito ay sumasalamin sa pagmamahal ng Diyos sa bawat isa sa atin, kung saan ay ginagamit niya tayo upang ipadama sa iba ang kanyang pagmamahal. Maaari itong mangyayari sa pamamagitan ng paghahandog ng ating sarili sa paglilingkod sa ating kapwa upang makapagdala ng pag-asa at matulungan din sila na magkaroon ng positibong pananaw.



Pagyamanin

Gawain 1

Panuto: Basahin ang maikli ng sanaysay tungkol sa buhay ni Allan K. Suriin kung anong pananaw at pag-uugali ang ipinakita ni Allan K. kaya siya nagtagumpay sa buhay. Isulat ito sa sagutang papel.

Allan K sa Likod ng Entablado

Si Alan Joveness Quilantang o kilala bilang “Allan K” ay tubong Bacolod City Negros Occidental. Naging matagumpay sa larangan ng pagpapatawa sa industriyang pantelebisyon at pagnenegosyo. Sa likod ng kanyang tagumpay, puhunan niya ang pagsisikap, positibong pananaw at pangarap sa buhay. Nagtrabaho siya sa “*The Library*” dito umunlad ang kanyang angking galing sa pagpapatawa sa entablado.

Taong 1994, binigyan siya ng oportunidad na maging parte ng sikat at tanyag na *noontime show* sa Pilipinas. Ngayon ay isa na siya sa mga kinikilala sa larangan ng komedya sa ating bansa.

Philippine Entertainment Portal Inc. (PEP) Lifestyle Section

Sanggunian: <https://www.pep.ph/lifestyle/15679/alan-k-the-chairman>

Ang mga pananaw at pag-uugali ni Allan K:

Gawain 2

Panuto: Markahan ang iyong mga gawaing nagpapalalim ng iyong pananampalataya sa antas na 1 hanggang 5, kung saan 5 ang pinakamataas. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

- _____ 1. Pagdarasal sa pook-dalanginan
- _____ 2. Paglahok sa pangrelihiyong pagdiriwang
- _____ 3. Pagpapatawad sa nakagawa sa iyo ng pagkakamali
- _____ 4. Pagpapakain sa nagugutom
- _____ 5. Pakikipag-usap sa mga kasing-edad tungkol sa iyong relihiyon
- _____ 6. *Regular* na pagpunta sa mga *spiritual leaders*
- _____ 7. Araw-araw na pagdarasal
- _____ 8. *Regular* na pagninilay-nilay at pagmumuni-muni
- _____ 9. Pagdalaw sa may sakit
- _____ 10. Pagdalaw sa mga ulila at matatanda



Isaisip

Sa pagkakataong ito, inaasahan na natutunan mo na ang ispiritwalidad na aspeto ng pagkatao ay nakakatulong upang ang isang indibidwal ay magkaroon ng positibong pananaw, pag-asa, at pagmamahal sa kapwa at Diyos.

Panuto: Basahin at unawain ang bawat tanong. Sagutin ang mga katanungan at isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Ano-ano ang indikasyon na umuunlad na ang pananalig ng isang tao?

2. Paano mo maipapakita ang iyong pananalig at pag-asa sa Diyos?

3. Bilang isang mag-aaral, paano mo mapapaunlad ang iyong pananalig at pagtitiwala sa Diyos?



Isagawa

Panuto: Magsagawa ng isang panayam sa isang taong inyong itinuturing na modelo sa pagbibigay ng pag-asa at pananalig sa Diyos. Matapos nito, sumulat ng isang sanaysay tungkol sa isinagawang panayam. Gamitin ang mga gabay na tanong na ito sa pagsasagawa sa gawain:

- Ano ang kanilang pangalan, edad, lugar ng kapanganakan, at pinagkakaabalahan o trabaho?
- Ano-ano ang mga pagkakataon sa kanyang buhay kung saan ay nagpakita sila ng kabutihan sa kanilang kapwa?
- Ano-ano ang kanyang mga naging pagsubok sa buhay? Paano ito nakaapekto sa kanyang ispiritwalidad na aspeto?
- Ano ang kanyang iyong ginawa upang mapaglabanan ang pagsubok sa buhay?

Rubriks

Batayan sa Pagbibigay ng Marka	Puntos
Naglalaman ng mga impormasyong nagpakita ng pagbibigay ng pag-asa at pananalig sa Diyos	5
Nagamit ang mga gabay na tanong sa pagbuo ng sanaysay	5
Naisulat nang maingat, wasto at angkop ang paggamit ng wika	5
Makabuluhan ang nabuong sanaysay	5
Kabuuan	20



Tayahin

Panuto: Basahin ang sumusunod na pangungusap. Ilagay ang **tsek (/)** kung nagpapakita ng maunlad na pagkatao bunga ng pananalig o pananampalataya, at **ekis (x)** naman kung hindi. Sipiin at gawin ito sa sagutang papel.

- _____ 1. Si Lilia ay aktibo sa pagsali sa mga gawain sa kanilang simbahan.
- _____ 2. Pinag-iisipan at pinipili ni Renato ang kanyang mga salita bago niya ito sabihin.
- _____ 3. Mahirap man ang buhay ng pamilya ni Mang Nifer ngunit buo pa rin ang kanyang pag-asa na sila'y makakaahon sa kahirapan.
- _____ 4. Maagang pumanaw ang ama ni Mildred kung kaya't nagsikap siyang mabuti upang matulungan ang kanyang ina sa pagpapalaral sa kanyang mga nakababatang mga kapatid.
- _____ 5. May tiwala si Bea sa kanyang sarili, kaya alam niyang magtatagumpay siya kahit hindi na siya magdasal.
- _____ 6. Hindi sinasang-ayunan ni Angel ang pagpapakain ng kanyang ina sa mga batang nakatira sa lansangan.
- _____ 7. Nagkaroon ng matinding karamdaman ang lolo ni Teban. Sa halip na malungkot, ipinagdarasal niya na gumaling agad ito sa kanyang karamdaman.
- _____ 8. Bawat araw ay naglalaan si John ng oras para sa pagdarasal.
- _____ 9. Tinutulungan ni Ian ang mga taong nanghihingi sa kanya tuwing siya ay pumapasok sa paaralan.
- _____ 10. Inaalagaan ni Jepoy ang kanyang lola, sa pamamagitan ng pagsabay sa kanya na kumain at pakikipagkwento sa kanya.



Karagdagang Gawain

Panuto: Sumulat ng pangako para sa inyong sarili upang paunlarin ang inyong ispiritwalidad na aspeto ng pagkatao sa pamamagitan ng mga gawaing makakapagpalapit sa Diyos. Isulat ito sa inyong kuwaderno.



Susi sa Pagwawasto

1. TAMA
2. MALI
3. TAMA
4. TAMA
5. TAMA
6. TAMA
7. TAMA
8. MALI
9. MALI
10. TAMA

SUBUKIN

1. TAMA
2. TAMA
3. MALI
4. TAMA
5. TAMA

BALIKAN

PAGYAMANIN
ANSWERS MAY
VARY

TUKLASIN
ANSWERS MAY
VARY

1. /
2. /
3. /
4. /
5. X
6. X
7. /
8. /
9. /
10. /

TAYAHIN

Sanggunian

Kahalagahan Ng mga Hayop. (2018, October 13). Eric Catausan. <https://catausaneric.wordpress.com/2018/10/13/kahalagahan-ng-mga-hayop/>

Mga batas Na nangangalaga Sa kapakanan Ng mga hayop. (n.d.). GMA News Online. <https://www.gmanetwork.com/news/publicaffairs/imbestigador/334614/mga-batas-na-nangangalaga-sa-kapakanan-ng-mga-hayop/story/>

(n.d.). LEARNING RESOURCE CENTER - LRMS. https://dlrciligan.weebly.com/uploads/5/0/8/0/50800379/mahalin_at_arugain_ang_mga_hayop.pdf

K to 12 grade 4 learner's material in Esp (q1-q4). (2015, 7). Share and Discover Knowledge on SlideShare. <https://www.slideshare.net/lhoralight/k-to-12-grade-4-learners-material-in-esp-q1q4>

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph